Pahayag ni **DEBORAH BRESS**, Kandidato para
Alkalde, Lunsod ng Santa Clara

Trabaho: May-ari ng Maliit na Negosyo

Edukasyon at Kuwalipikasyon:

Kailangang bumoto ang mga botante ng Santa Clara upang pigilan ang mga patagong pakikipag-ayos. Milyun-milyong dolyar ng mga yaman ng mga nagbabayad ng buwis ang inilipat sa mga pribadong interes nang hindi natin nalalaman o wala tayong pag-aproba. Bilang Alkalde, iimbitahan ko ang Kagawaran ng Hustisya upang lubos na suriin ang lahat ng mga rekord ng Santa Clara.

Ang gagawin ko ay:

Lutasin ang krisis sa maling pamamahala ng pananalapi na iniwan ang Santa Clara na nakasabit sa daan-daang milyong dolyar.

Ihantad at iwasto ang mga kabiguan sa pangmatagalang plano. Linisin ang El Camino. Iligtas ang mga parke ng komunidad. Ang pagprotekta sa ating kapaligiran at kalidad ng buhay ay hindi pinipili.

Dagdagan ang mga pagkakataon para sa makabuluhang kontribusyon ng publiko. Ang kasalukuyang 1-minutong komento ng publiko ay pumipigil sa anumang tunay na paglahok. Upang iwasto ito, magsasagawa ako ng gusaling bayan na mga talakayan tungkol sa lahat ng malalaking proyekto ng lunsod. Ang mga miyembro ng konseho ay dapat magsagawa ng buwanang mga oras ng pampublikong opisina.

Ako ay may tatlong dekada ng karanasan sa pagpapatakbo ng maraming-milyong dolyar na mga proyekto para sa malalaking korporasyon sa Silicon Valley at nakapagtayo ng isang matagumpay, binubuo ng magkakaibang tao, at episyenteng mga pangkat na nakapaghatid ng imposible sa tamang panahon at mas mababa sa badyet.

Ako ay hindi isang pagiging pulitiko ang karera, at hindi ako magiging gayon. Ako ay hindi iniisponsor ng anumang mga espesyal na interes. May karapatan kayong kontrolin ang inyong pamahalaan.

Iboto po si Deborah Bress para Alkalde. www.deborahformayor.com